

OBSERVER

MAGASIN TUNGKOL SA MGA TINAKOT NA TAGAPAGTANGGOL NG KARAPATANG PANTAO SA PILIPINAS



© Jeanalen Roth

CRIMINALIZATIONS OF HUMAN RIGHTS ACTIVISTS

MGA NILALAMAN

Editorial	3
Kriminalisasyon ng mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao sa	
Alitang Agraryo – mga Konsiderasyong Istruktural	4
Mga Akusasyong may Motibong Politikal – Ang Papel ng mga Tagausig	6
Department Circular NO. 23	7
Sino ang Nagnakaw ng Ilang Niyog Kanino? Mga Impresyon ng	
Isang Tagamasid sa Karapatang Pantao	8
Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao ayon sa Mga Nagkakaisang Bansa	9
Ang Epekto ng Kriminalisasyon sa mga Tagapagtanggol ng	
Karapatang Pantao	10
Mga hakbang para sa makatarungang hurisdiksyon sa mga lalawigan	
sa Pilipinas	12
Pagdadala ng Hustisya sa mga Tao	13
IPON at ang Instrumento ng Pagmamasid sa karapatang pantao	15
Mga layunin at sakop	15

OBSERVER:

MAGASIN TUNGKOL SA MGA TINAKOT NA TAGAPAGTANGGOL NG
KARAPATANG PANTAO SA PILIPINAS

HALAGA

ISANG ISYU: 3.00 EURO

LUPONG EDITORIAL

Nele Asche, Sarah Potthoff, Johannes Richter,
Jeanalen Roth, Patrick Seeger, Christian Syrbe

EDITOR

I.P.O.N.
International Peace Observers Network
Netzwerk Bildung und Projektarbeit e.V.
Hinrichsenstr. 40
20535 Hamburg, Germany
www.ipon-philippines.org
editor@ipon-philippines.org
+49 [0] 402 5491947

OPISINA SA PILIPINAS

23 c Rizal St., Brgy. IV
Mulanay, Quezon
observer.bondoc@ipon-philippines.org
+63 [0] 42 3197661

68 Florida Street, Brgy. Villamonte
6100 Bacolod City
observer.negros@ipon-philippines.org
+63 [0] 34 7040185

IMPORMASYON TUNGKOL SA SUSKRISYON

OBSERVER: inilalabas dalawang beses sa isang taon.

DONASYON AT PAGIGING MIYEMBRO

Netzwerk Bildung und Projektarbeit e.V.,
LAYUNIN: „Observer“
Rehistradong institusyong non-profit; posible ang pagtanggap ng
donasyon at pagsuporta bilang miyembro

SWIFT/BIC-CODE: NOLADE21SPL

IBAN: DE73 2305 0101 0001 0646 41

BANK: Sparkasse zu Lübeck AG
Breite Straße 18 – 28
23552 Lübeck, Germany

EDITORIAL DEADLINE

BILANG 2: 15 NOBYEMBRE 2009

SUPORTANG PINANSYAL

Auswärtiges Amt (The Federal Foreign Office) and Institut für
Auslandsbeziehungen (Institute for Foreign Cultural Relations);
hindi responsable para sa nilalaman.



Auswärtiges Amt

ifa

Institut für Auslands-
beziehungen e. V.

© Nakalisensya ito sa Creative Commons Attribution 3.0 Germa-
ny License. Pumunta sa <http://creativecommons.org/licenses/by/3.0/de/>. upang makita ang lisensya Tumatanggap ng are welcome, pa-
dalhan kami ng dalawang kopya.

EDITORIYAL

Kaakibat ng pagiging tagapagtanggol ng karapatang-pantao sa Pilipinas ang isang buhay na laging nasa panganib at puno ng pagbabanta. Ang bilang ng mga pagpatay sa kadahilanang politikal at ang pagkawala ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ay patuloy na tumataas mula ng maupo sa posisyon si Presidente Arroyo. Karamihan sa mga biktima ay miyembro ng mga makakaliwang organisasyon, mga mamamahayag, mga miyembro ng unyong manggagawa at mga lokal na lider-magsasaka. Kadalasang hindi kilala ang mga maysala at ang mga ito ay maskarado at tumatakas sakay ang motorsiklo. Hanggang sa ngayon, wala pang mga imbestigasyong kriminal o kinahinatnan ang mga kasong ito.

Bukod sa mga bantang ng karahasan na kailangang tiisin ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, kadalasan pa silang kriminalisado ng hurisdiksyon. Nagiging konklusyon ng Komisyon sa Karapatang Pantao Pilipinas na tumaas ang sakop ng kriminalisasyon sa buong bansa sa pamamagitan ng batas. Bunga ng kanilang gawain bilang tagapagtanggol ng karapatang-pantao, kinakailangan nilang harapin ang mga pag-uusig na may motibasyong politikal at mga arbitraryong pag-aresto.

Kahit pa may iba't ibang layunin ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao – ang ilan ay lumalaban sa pagkamkam ng kanilang mga lupain at ang kasunod na polusyon sa kapaligiran na dulot ng mga kompanya ng minahan, ang iba naman ay nakikipaglaban para sa isang piraso ng lupa na ibinigay sa kanila ng batas – magkamukha sila sa kanilang ang pagtuon sa isang mapayapang pakikipaglaban at pagsusumamo para sa karapatang pantao.

Sa resolusyon nito noong 1998, kinilala ng Mga Bansang Nagkakaisa ang pangangailangan para sa espesyal na proteksyon ng mga tagapagtanggol ng mga karapatang

pantao: “Lahat ng tao’y may karapatan, mag-isa man o kapisan ang iba, na itaguyod at magsikap para sa pagtatanggol at pagsasakatuparan ng mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan sa pambansa at pandaigdigang antas.” (Art.1). Sa pagtanggap sa deklarasyong ito, nangako ang gobyerno ng Pilipinas na titiyakin nito ang kaligtasan ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao.

Upang suportahan ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa paggamit ng kanilang mga karapatan, sinasamahan ng mga boluntaryo mula sa iba’t ibang panig ng daigdig ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa kanilang mga gawain. Ang pagharap at pagsama at ang dokumentasyon ng posibleng paglabag sa karapatang pantao na ginagawa ng mga internasyonal na grupo ay magbibigay laya sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao na sundin ang kanilang landas. Layon ng magasing ito na tugunan ang kahalagahan ng tagapagtanggol ng karapatang pantao at talakayin ang nasabing instrumento ng pagmamasiid sa karapatang pantao pati na ang pag-usig sa tagapagtanggol ng karapatang pantao sa Pilipinas.

Binigyang diin sa edisyong ito ang kriminalisasyon ng grupong magsasaka ng Kilusang Magbubukid ng Bondoc Peninsula (KMBP), mga tagapagtanggol ng karapatang pantao mula sa rehiyon ng Calabarzon kung saan umuusbong ang ekonomiya, 200 km timog mula sa kapital na Manila. Lumalaban ang mga aktibista ng KMBP para sa kanilang sariling piraso ng lupa, kung saan sila ay may karapatan ayon sa repormang agraryo ng gobyerno.

Ipinapakita ng mga ulat ang mga istruktura na pumapabor sa mga pag-uusig na ginagawa ng hukuman pati na ng mga pampublikong tagausig sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa kadahilanang politikal. Sa ulat ni Susann Weitzel, ipinakita ang kriminalisasyon ng tagapagtanggol ng karapatang pantao sa pamamagitan ng isang kaso ng pag-aar-

al kung saan 68 aktibista ng karapatang pantao mula sa isang maliit na baryo sa tabing dagat ang isinakdal sa kadahilanang pagnanakaw ng niyog. Ang analisis by Janina Dannenberg, Anne Lanfer at Johannes Richter ay nagbibigay-diin sa sistematikong pamamaraan ng mga systematic approach by the maysala na hindi pinapansin ng mga responsableng awtoridad. Dalawang ulat ang ang sumusuri sa papel ng hukuman na sinulat ni Jan Pingel at ang papel ng mga tagausig sa kriminalisasyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao na sinulat naman ni Patrick Seeger at David Werdermann. Nagiging kriminalisado ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa pamamagitan ng mga awtoridad ng estado dahil tinatanggap nila ang mga kasong may motibasyong politikal na isinasampa laban dito. Tila ipinipikit ng dalawang institusyon ang kanilang mga mata upang paburan ang mga piling taong nagmamay-ari ng lupa na nagsasampa ng kaso laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao upang pigilan sila sa pag-angkin ng sariling lupa. Kahit pa naglagay ng mga instrumento ang estado maiwasan ang mga kasong may motibongpolitikal na may kinalaman sa isyung reporma sa lupa, hindi naipapatupad ang mga instrumentong ito o di kaya ay nababawasan ang bisa nito. Isang halimbawa ang pagtatayo ng hurisdiksyon sa agraryong alitan na sumusuri sa mga kasong may kadahilanang agraryo. Gayunpaman, hind nangyayari ito. Sa kanyang ulat, tinatalakay ni Sarah Potthoff ang eppekto ng kriminalisasyon sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao.

KRIMINALISASYON NG MGA TAGAPAGTANGGOL NG KARAPATANG PANTAO SA ALITANG AGRARYO – MGA KONSIDERASYONG ISTRUKTURAL



Janina Dannenberg,
28 taong gulang, nag-aaral ng Environmental Science sa Unibersidad ng Lüneburg sa Alemanya. Isa siyang environmentalist sa hilagang Alemanya. Isa siya sa mga miyembrong nagtatag ng IPON.



Anne Lanfer,
28 gulang, tapos ng Master of Science in Nutrition and Household Economics, nagtrabaho sa mga isyung agraryo sa Pilipinas mula noong 2002 gamit ang mga pamamaraang pampulitika at pang-agham. Isa siya sa mga miyembrong nagtatag ng IPON.



Johannes Richter,
38 years, Diploma in Biology, studies social anthropology and political science at Hamburg University in Germany. Environmentalist in northern Germany, founding member of IPON.

Ang kriminalisasyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ay isang isyu sa antas internasyonal na padalas ng padalas na tinatalalakay kaugnay ng Pahayag ng Bansang Nagkakaisa Hinggil Sa Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao. Mayroon ding mga pag-uusap sa Pilipinas kung saan iniulat ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao na sila ay inapi at kriminalisa (tingnan ang www.karapatan.org; Amnesty International 2009). Ang sumusunod na ulat ay tumatalakay sa kriminalisasyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao na may kaugnayan sa agrikultura sa mga lalawigan ng Pilipinas. Ang mga bilang ay nagbibigay ebidensiya na may epekto ang kriminalisasyon sa mga aktibista ng organisasyong pantao¹ sa mga lalawigan at hindi lamang sa mga ahensya ng sibil na lipunan na siyang nasa sentro sa pag-uusap tungkol sa karapatang pantao sa Pilipinas. Bukod dito, ipinakita rin na ang kriminalisasyon ay batay sa isang malapit na pagkakasangkot ng mga pribadong sektor at partikular na pangunahing tauhan sa loob ng administrasyon.

Ang mga munisipalidad ng Mulanay, San Narciso, San Andres at San Francisco, sa Bondoc Peninsula sa silangang dulo ng Luzon, ang pinakamalaking isla ng Pilipinas, at ang organisasyong nagtatanggol sa karapatang pantao, ang KMBP (Kilusang Magbubukid ng Bondoc Peninsula), ay nagsisilbing kaso ng pag-aaral para sa ulat na ito. Nangingibabaw sa nasabing lugar ang isang “malalim na di-makatarungang istrukturang panlipunan at pang-ekonomiya batay sa pag-aari o kontrol ng lupa” (Franco 2003:2). Bilang isang paraan upang siguruhin ang kanilang karapatang pang-ekonomiya, panlipunan at kultural, hinihingi ng KMBP ang implementasyon ng isang programa sa repormang agraryo sa pangunguna ng pamahalaan². Ang grupo ay isang lokal na organisasyong itinatag para sa karapatang pantao na malapit na nakikipagtulungan sa isang NGO na may operasyon sa probinsya³, ngunit walang mahalagang taya sa diskusyon tungkol sa karapatang pantao sa antas nasyonal. Mula pa noong dekada 90, ang mga “right-based”⁴ at mapayapang pagkilos ng organisasyon ay sinagot ng iba’t ibang marahas na pamaraan ng pagsugpo lalo na ng mga may-ari ng lupa at kanilang mga kakampi (tingnan ang IPON 2007, IFFM 2006:19). Ang pampolitikal na kapangyarihan sa Bondoc Peninsula ay pinangingibabawan ng isang malapit na pakikipag-ugnayan ng mga piling taong may-ari ng lupa sa lokal na politika at administrasyon (tingnan ang IFFM 2006:18–19). Sa sumusunod, aming sinusuri ang kontribusyon ng iba’t ibang panig sa kriminalisasyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Luminaw dito na ang mga pribadong sektor, tulad ng mga may-ari ng lupa, ay nagsasampa ng kaso samantalang ang sektor ng pamahalaan ang gumagawa ng paraan pa-

ra gawing lehitimo ito at siyang nagsasagawa ng iminungkahing kriminalisasyon. Bilang partidong direktang sangkot sa alitan sa lupa, hindi lamang gumagamit ng iba’t ibang paraan ng pisikal na pananakot ang mga may-ari ng lupa (see IPON 2007), nagsasampa rin sila ng mga kaso laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao may eksperiyensiya bilang nagpetisyon sa reporma sa lupa. Noong 2008, 295 kaso laban sa mga miyembrong KMBP ang nabinbin (Table 1), karamihan sa kanila ay maraming taon nang nakabitin⁵. Karamihan sa mga kasong ito ay “qualified theft”. Saklaw sa kaso ng “qualified theft” sa batas ng Pilipinas ang pagnanakaw ng niyog at ang mga produktong hango dito. Kung iisipin na ang buong alitan ay nangyayari sa mga

Table 1: Uri ng mga kasong isinampa sa Bondoc Peninsula laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ng KMBP

Uri ng kasong kriminal	Kalimitan	%
Qualified Theft	179	60.7
Estafa	104	35.3
Libel	3	1
Grave Threat	1	0.3
Malicious mischief	1	0.3
Tangkang pagpatay	1	0.3
Iba’t ibang uri ng trespassing	4	1.4
Nabigong pagpatay	1	0.3
Unlawful detainer	1	0.3
Kabuuang bilang	295	

Pinagkunan: QUARDDS 2008

niyugan, isa itong krimen na madaling ipagpalagay. Ito ay akma sa karamihan sa mga iba pang uri ng akusasy-

- 1) Sa konteksto ng Pilipinas, ang mga organisasyong pantao ay tinitingnan bilang isang lokal na organisasyon na nakabase sa komunidad (hindi tulad ng mga NGO na nagtatrabaho sa antas nasyonal at opiyal na rehistrado).
- 2) Ang CARP (Comprehensive Agrarian Reform Program), na naisabat noong 1988.
- 3) QUARDDS (Quezon Association for Rural Development and Democratization Services).
- 4) Ang ibig sabihin ng “right-based” sa kontekstong ito ay nakabase ang mga pagkilos ng organisasyon sa legal na istruktura ng reporma sa lupa.

- 5) Lahat ng mga bilang ay mula sa QUARDDS 2008.
- 6) Estafa (span.) sa batas ng Pilipinas, isa itong gawaing kriminal ng pandaraya/panlilinlang.
- 7) Nakalap din ang parehong impormasyon sa marming pakikipanayam ng isinagawa ng IPON.
- 8) Noong 2007, nag-ulat ang QUARDDS ng 349 na akusadong mga tao, noong 2008, bumaba na ang bilang sa 223.

Table 2: Mga kasong isinampa sa Bondoc Peninsula laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ng KMBP sa iba't ibang munisipalidad

Uri ng kasong kriminal	San Francisco	San Andres	San Narciso	Mulanay
Qualified Theft	3	170	6	—
Pagdaya (estafa)	2	—	—	102
Iba pa	10	1	1	—
Kabuuang bilang	15	171	7	102

Pinagkunan: QUARDDS 2008

on tulad ng estafa⁶, at libelo.

Ipinakikita sa Table 2 ang mga kaso sa ba-wat munisipalidad. Samantalang qualified theft ang pangunahing kasong kriminal na isinampa sa San Andres, ang tagapagtanggol ng karapatang pangtao sa Mulanay ay naharap sa akusasyon ng estafa ng isang may-ari ng lupa: Aquino. Iniimbestigahan ng QUARDDS (2008) ang detalye ng distribusyong heograpikal ng mga kaso at binibigyang-diin ang kaugnayan ng uri ng mga kaso at ng nasasangkot na may-ari ng lupa.

Malinaw na ipinakikita ng mga uri at pinagmulan ng mga kaso ang motibasyong politikal. Ito ay nabigyang-diin ng mataas na bilang ng mga nasasampung kaso: Sa 295 kaso, 223 katao ang apektado, katumbas ng halos 10% ng mga miyembro ng KMBP. Dahil dito, masasabing mas mataas ang tsansang maakusahan ang tagapagtanggol ng karapatang pantao ng KMBP para sa isang krimen kumpara sa natitirang bahagi ng populasyon sa lalawigan (tingnan ang www.pnp.gov.ph). Hindi lamang isang tao kung hindi grupo ng hanggang 68 katao ang naakusahan sa marami sa mga kaso. Maraming miyembro ng KMBP ang sangkot sa higit sa isang kaso, ang ilan ay sangkot hanggang sa 10 kaso. Ang mga magsasaka na may posisyon bilang lider sa loob ng KMBP ang nahaharap sa pinakamataas na bilang ng kaso (QUARDDS 2008). Ipinakikita nito ang positibong kaugnayan ng intensidad ng akusasyon at mga gawaing pagtatanggol sa karapatang pantao. Bukod dito, maraming tagapagtanggol ng karapatang pantao ang naglalarawan ng ma-

lakas na kronolohiya ng mga gawaing politikal na kanilang ginawa at mga kasong kriminal na sumunod dito. Iniulat din nila na wala silang kasong kriminal bago sila nagpetisyon para sa reporma sa lupa (QUARDDS 2008)⁷.

Ang mga nasabing bilang ay tumutukoy sa mga kasong nakabinbin noong 2008, hindi kasali ang mga kasong napawalang-saysay na noon⁸. Walang mga paglilitis laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa KMBP ang humantong sa pinal na desisyon laban sa akusado. Ang napatunayang walang sala ang mga ito ay nagbibigay ng isa pang malakas indikasyon sa kaugnayang politika ng kumplikadong proseso ng kriminalisasyon.

Lahat ng mga bilang na ibinigay ay tumutukoy lamang sa mga kasong humantong sa hukuman. Bukod dito, may malaking bilang ng mga bagong kaso na nasa proseso ng pagsasampa sa hukuman ayon sa imbestigasyon ng IPON.

Kung iisiping ang dimensyong karapatang pantao, dapat na bigyang diin na humahantong ang mga kaso sa hukuman sa kabila ng malinaw na akusasyon na ito ay may motibong politikal at sa kabila ng pagkakaroon ng Department Circular No. 23 ng Kagawaran ng Katarungan na nagtatatag ng isang quasi judicial body para sa mga alitang may kaugnayan sa agararyo (tingnan ang Department Circular NO. 23, sa isyung ito). Batay sa mabuting patakaran, dapat na ituring na may motibasyong politikal ang mga pribadong sektor na nagsasampa ng kaso at maging maingat sa paghawak sa mga kasong kanilang isinampa (tingnan ang ulat Ang

papel ng mga Tagausig, sa isyung ito). Hinikayat ng mga pribadong sektor ang kriminalisasyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa pamamagitan ng pagsasampa ng kaso ngunit pinalakas ang proseso ng kriminalisasyon sa pamamagitan ng pagpapasa ng mga kasong may motibasyong politikal sa hukuman at ang pagtrato sa akusadong tagapagtanggol ng karapatang pantao sa iba't ibang ahensiya sa ilang kaso (tingnan ang ulat: Mga hakbang para sa Makatarungang Hurisdiksyon sa mga Lalawigan sa Pilipinas, sa isyung ito.)

Ang mga kasong may motibong politikal na natukoy ng mga angkop na sangay ng pamahalaan bilang ganitong kaso ay magpapaliit ng dulot nilang pinsala para sa mga apektadong tagapagtanggol ng karapatang pantao (para sa impormasyon tungkol sa epekto ng kriminalisasyon sa mga taong apektado, basahin ang ulat ni Sarah Potthoff, sa isyung ito). Upang masiguro ang karapatang pantao, inirerekomenda ng mga nasabing ebidensya na kailangang sapat na isaalang-alang ang motibong politikal at ang kontekstong agraryo ng nasabing akusasyon.

Tulad ng ipinakita na, ang mga lokal tagapagtanggol ng karapatang pantao sa mga lalawigan ay biktima ng kriminalisasyon at dapat mabigyan ng nararapat na proteksyon ayon sa Pahayag ng Bansang Nagkakaisa Hinggil Sa Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao.

PINAGKUNAN

- Amnesty International (2009): Letter to the Commission of Human Rights of the Philippines (Ref: 35 2009/002), London, http://freenet-homepage.de/ai-philippines/AL_letter_to_CHR_Gimenez.pdf.
- Franco, Jennifer C. (2003): On Just Grounds. The New Struggle

for Land and Democracy in Bondoc Peninsula, Occasional Paper Work in Progress, 28, Institute for Popular Democracy, Quezon City.

- IFFM (2006): Running Amok. Landlord Lawlessness and Impunity in the Philippines, Final Report of the 2- 15. June 2006 International Fact-Finding Mission on Agrarian Reform Related Violations of Human Rights in the Philippines, Quezon City.

- IPON (2007): Human Rights Situation Reports on Bondoc Peninsula, Quezon City, Hamburg. <http://www.ipon-philippines.org/17.html>.
- QUARDDS (2008): Cost of criminalization of agrarian reform cases on landless rural poor in Bondoc Peninsula, Luzena City.

MGA AKUSASYONG MAY MOTIBONG POLITIKAL – ANG PAPEL NG MGA TAGA-USIG



Patrick Seeger,
30 gulang, MA in Indology
and Philosophy, tagamasid sa
karapatang-pantao ng IPON
noong 2008/09.



David Werdermann,
20 taong gulang, nagtapos
ng high school sa Telgte/
Germany. tagamasid sa
karapatang-pantao ng IPON
noong 2009.

Ang kriminalisasyon ay isang paraan ng pananakot sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao at pumipigil sa kanila sa kanilang mga gawain. Mahalaga ang papel ng tanggapan ng tag-usig sa proseso ng kriminalisasyon sa Pilipinas. Matapos maisampa ang reklamo, sila ang nagdedesisyon kung ang kaso ay ipapadala sa hukuman o pawawalang-saysay ito. Ang alituntuning inilabas ng Kagawaran ng Katarungan ng Pilipinas ay naglalayong pigilin ang kriminalisasyon ng mga magsasakang lumalaban para sa kanilang karapatang magmay-ari ng lupa.

Ang pokus ng ulat na ito ay ang paglalarawan ng papel na ito at ng responsibilidad ng mga taga-usig sa proseso ng kriminalisasyon. Bukod dito, sinusuri nito ang bisa ng mga alituntunin ng Kagawaran ng Katarungan sa pagpigil sa kriminalisasyon. Ang mga ginamit na impormasyon ay pangunahing hinango sa mga obserbasyon ng IPON sa Bondoc Peninsula at sa mga pakikipanayam sa mga miyembro ng KMBP, mga taga-usig sa antas na probinsiyal at rehiyonal, mga miyembro ng National Task Force on Agrarian Cases (NTFAC) at lokal na NGO.

Sa Bondoc Peninsula, kamakailan lamang, nagbago ang mga panliligalig laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ng organisasyon ng mga lokal na magbubukid KMBP (Kilusang Magbubukid ng Bondoc Peninsula). Mula sa karahasang pisikal at direktang pagbabanta, naging isa itong pang-aabuso ng legal na aparato para sa kriminalisasyon. Mahigit sa isang daang kaso laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ang nasa proseso sa kasalukuyan. Karamihan sa kanila ay mga akusasyon ng qualified theft at pagpasok na walang pahintulot (trespassing) na isinampa ng mga may-ari ng lupa o ng kanilang mga empleyado. Malinaw na karamihan sa mga kasong ito ay isanampa lamang upang takutin ang mga magsasakang naghahabol ng lupa. Wala pang tagapagtanggol ng karapatang pantao ng KMBP ang nahatulan kailan man ng hukuman ngunit sa oras na nasa hukuman na ang kaso, nagpapatuloy ang proseso sa loob ng maraming taon (tingnan ang ulat Mga Hakbang para sa Makatarungang Hurisdiksiyon sa mga Lalawigan sa Pilipinas sa isyung ito). Marami ang negatibong epekto ng isang nakabinbing kasong kriminal para sa isang magsasaka. Dahil dito, ang legal na aparato ay sistematikong ginagamit ng mga may-ari ng lupa upang takutin ang mga magsasakang nakikipaglaban para sa kanilang mga karapatan.

Sa sistemang legal ng Pilipinas, kapag nagsampa ng isang reklamo, ang unang institusyon na nasasangkot ay ang lokal or probinsyal na estasyon ng pulis. Matapos ang unang imbestigasyon, maaaring pawalang saysay ang kaso o - at madalas na gawin ito - ipinapasa sa Office of the Provincial Prosecutor. Matapos ang tinatawag na pangunang imbestigasyon, naglalabas ang nasabing tagausig ng isang pagpapasiya kung saan niya pinagtitibay kung may sapat na katibayan o wala. Sa pamamagitan nito, napapawalang-saysay ang kaso o

ipinapasa ito sa angkop na hukuman. Inaabuso ang sistemang ito upang takutin at pilitin ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao na tumigil sa kanilang pakikipaglaban para sa kanilang karapatang magmay-ari ng lupa. Sa Bondoc Peninsula, mapapansin ang tumataas na bilang ng mga kasong kriminal na isinampa laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ng KMBP (tingnan ang ulat Kriminalisasyon ng mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao sa Alitang Agraryo - mga Konsiderasyong Istruktural, sa isyung ito). Nalinawan na ng Kagawaran ng Katarungan ng Pilipinas ang problema ng kriminalisasyon ng mga magsasaka na nagpetisyon para sa pagmamay-ari ng lupa ayon sa Comprehensive Agrarian Reform Program, at nasasangkot ngayon sa mga alitang agraryo. Makikita ito sa pagtatag ng NTFAC noong September 2006 pati na sa paglalabas ng "Guidelines on the preliminary investigation of criminal cases related to agrarian reform", ang tinatawag na Department Circular No. 23 (DC23), noong Hunyo 2007. Dalawang mahalagang katangian ang nasasaad sa alituntunin tungkol sa paghawak sa mga kriminal na paglabag na nasasampa sa Provincial Prosecutor. Ipinakikita ng unang pahayag na ang Chief of Office o ang awtorisadong kinatawan nito ay dapat magtalaga sa kaso sa isang NTFAC member para sa pangunang imbestigasyon kung may dahilan siya para paniwalaan na ang reklamo ay nag-ugat sa isang alitang agraryo o kung mayroong isa o marami sa mga nakalista indikasyon. Maraming puntos na nasa listahan na halos lahat ng mga kasong nakasampa laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ng Bondoc Peninsula ay dapat na hawak ng NTFAC (tingnan ang Department Circular NO. 23).

Nang binuo ang NTFAC, may isang miyembro na siyang responsable para sa mga kaso sa Bondoc Peninsula. Ngunit matapos na magpalit ng tanggapan ang

tagausig na ito, walang naiwan para gumawa ng kanyang mga responsibilidad. Sa kasong tulad nito, obligado ang Regional State Prosecutor na sakupin ang mga kasong agraryo. Kamakailan lamang, naging miyembro ng NFTAC ang Provincial Prosecutor na si Dione V. Bustoniera, kung kaya siya ang tagausig na siyang responsable para sa mga ganitong kaso. Dahil lahat ng kasong kriminal ng Bondoc Peninsula ay dapat hawakan ng provincial prosecutor, ang unang hinihingi ng Department Circular 23 tungkol sa mga reklamo laban sa tagapagtanggol ng karapatang pantao ng Bondoc Peninsula ay natupad.

Inilalarawan ng pangalawang pahayag ng alituntunin kung paanong dapat hawakan ng miyembro ng NTFAC ang isang kasong napatunayan na nagmula sa isang alitang agraryo: “Kung napatunayan ng miyembro ng NTFAC na ang reklamo ay nag-uugat o maaaring nagmula sa isang alitan tungkol sa implementasyon ng programa sa reporma sa lupa dapat niyang agad pawalang-saysay ang reklamo dahil sa kakulangan ng sapat na katibayan at/o kakulangan ng hurisdiksyon ng mga karaniwang hukuman” (DC23 2007, 5). Hanggang sa ngayon wala ni isang kasong alam ang IPON na napawalang-saysay dahil ito ay nagmula sa isang alitang agraryo. Kahit pa malinaw sa maraming kaso ang koneksyon sa isang alitan sa loob ng reporma sa lupa. Sa isang pakikipanayam, tinawag ng provincial prosecutor ang karamihan sa mga kasong nasasampa laban sa tagapagtanggol ng karapatang pantao ng KMBP bilang “kasong agraryo”. Kaya nga nakapaghihinala kung ito ay ayon sa ikalawang bahagi ng alituntuning ng Kagawaran ng Katarungan.

Inakusahan ng mga magsasaka at mga NGO ang Provincial Prosecutor na ito ay kumikilos pabor sa mga may-ari ng lupa. Ang hinalang ito at pinalakas pa ng katoohanang isa sa mga malaking may-ari ng lupa sa Bondoc Peninsula ay kamag-anak niya (Inquirer 2008).

Isa pang problema na dapat harapin ng akusadong tagapagtanggol ng karapatang pantao ay ang napakahabang pa-

nahon ng proseso ng mga kaso sa prosecution offices. Kadalasang kailangan ang dalawang buwan bago magkaroon ng resolusyon kung ang kaso ay dapat isampa sa hukuman o pawalang saysay. Kinailangang mamalagi ng ilan sa mga akusado sa loob ng bilangguan sa loob ng paunang imbestigasyon na nagdudulot ng pinsalang pinansyal at sikolohikal para sa akusado at sa pamilya nito. Binigyang-katwiran ng provincial prosecutor ang mababang panahon ng paghihintay sa dahilang kakulangang pinansyal at kakulangan ng mga tauhan pati na ang depektibong internal mail system.

Ang Office of the Provincial Prosecutor ay responsable para sa desisyon kung ang isang kasong kriminal ay pawawalang saysay o isasampa sa hukuman. Ayon sa alituntunin ng Kagawaran ng Katarungan, ang mga kasong malinaw na may kinala-

man sa isang alitang agraryo ay dapat na pawalang saysay. Ngunit wala pa rin kahit isang kaso sa Bondoc Peninsula na napawalang-saysay sa kadahilanang ito. Ang hinihingi ng alituntunin tungkol sa pagtrato ng mga kasong maaring may kinalaman sa alitang agraryo ng isang miyembro ng NTFAC ay maaaring matupad. Ngunit dahil sa ang pinakamahalagang implikasyon nito, ang pagpapawalang-saysay sa mga kasong may kinalaman sa alitang agraryo ay hindi naisakatuparan, masasabing ang pagtatangka ng Kagawaran ng Katarungan na ihinto ang kriminalisasyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa pamamagitan ng paglalabas ng isang alituntunin ay hindi nagtagumpay.

PINAGKUNAN

- Inquirer (2008): Agrarian Protest. Courthouse pelted with rotten tomatoes - 25-November 2008.

DEPARTMENT CIRCULAR NO. 23

Noon Hunyo 14, 2007, naglabas ang Kagawaran ng Katarungan ng tinatawag na Department Circular NO. 23 (DC 23).

Isa itong alituntunin tungkol sa paunang imbestigasyon ng mga kasong kriminal na may kinalaman sa reporma sa lupa. Sa paunang salita nito, naka-saad na pataas ang bilang ng mga kasong kriminal na isinasampa ng mga may-ari ng lupa laban sa mga magsasaka na benepisyaryo o potensiyal na benepisyaryo ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Dahil malinaw na marami sa mga kasong ito ay nag-uugat sa isang alitan tungkol sa implementasyon ng CARP, sila ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Special Agrarian Courts, ng Department of Agrarian Reform Adjudication Board o ng Department of Agrarian Reform, sa halip na mga regular na hukuman. Kung may isang paglabag na kriminal na nakasampa sa Office of the Provincial Prosecutor at may dahilan upang paniwalaan na ang reklamo ay sanhi ng isang alitang agraryo, dapat na itataga ng nasasangkot na tagausig ang kaso sa isang miyembro ng National Task Force on Agrarian Cases (NTFAC) para sa paunang imbestigasyon. Nakalista sa alituntunin ang elementong maaaring tumukoy sa isang alitang agraryo, hal. kung ang kaso ay kinasangkutan ng mga may-ari ng lupa at mga kasama nito o kung ang nasabing krimen ay nangyari sa isang lupaing pang-agrikultura o kung ang kasong isinampa ay estafa, qualified theft, trespassing, grave threat, malicious mischief o pagnanakaw. Kung may nakitang sapat na batayan ang nag-iimbestigang tagausig ng NTFAC upang masabing ang paglabag ay nagmula sa isang alitang agraryo, dapat niyang agad na pawalang-saysay ang reklamo sa kakulangan ng posibleng hurisdiksyon ng regular na hukuman. Walang pang kasong napawalang-saysay dahil ito ay may kaugnayan sa isang alitang agraryo ang naiulat sa IPON.



SINO ANG NAGNAKAW NG ILANG NIYOG KANINO? MGA IMPRESYON NG ISANG TAGAMASID SA KARAPATANG PANTAO



Susann Weitzel,
23 gulang, environmental scientist, nagtapos sa Leuphana University Lüneburg sa Alemanya, tagamasid ng IPON noong 2009.

Nagnakaw ba ang 68 magsasaka ng 68 niyog? O ang lahat ba ng 68 magsasaka ay nagnakaw ng iisang niyog? Habang ang mga tagagawa ng desisyon ay nakaupo sa kanilang mga kuwartong may air-condition, ang nahuhugasan ang katotohanan. At ganito pa rin sana ang sitwasyon kung hindi dahil kay Maribel, isang tagapagtanggol ng karapatang pantao na kabilang sa isang organisasyong pantao sa Bondoc Peninsula

Nanginginig sa emosyon ang kanyang boses. Tumitingin siya sa paligid, minsan ay humihinto ng sandali habang iniisip kung paano niya ipapahayag ang naipong galit. Masinsinang nakikinig ang mga nakapaligid at tila may pag-aalala. Tumayo ang isang hukom, ipinakita ang galit sa ulat at sinabi na pawawalang saysay niya ang kaso ng 68 magsasaka kung siya ang public prosecutor. Ipinagbunyi ng mga nanood ang opinyon ng hukom. Maliban sa isang lalaki na natutulog sa kanyang upuan - ang tagausig na kadalasang may huling salita tungkol sa desisyon kung ang kaso ay dapat isampa sa hukuman o hindi.



© Jeanalen Roth | Ang tagapagtanggol ng karapatang pantao na si Maribel at ang kanyang asawang si Jeffrey

Inilabas ni Maribel, ang lider magsasaka mula sa Nilantangan, isang maliit na baryo sa baybay dagat sa Bondoc Peninsula, ang kanyang pag-aalala sa proseso ng kaso ng 68 magsasaka sa isang seminar tungkol sa hus tiyang agraryo. Sinabi niya na ang proseso ay isinampa ng tagausig sa hukuman kahit pa ang akusasyon ng may-ari ng lupa ay tila may motibong politikal. Ang 68 magsasaka mula sa Nilantangan, kabilang si Maribel, ay inakusahan at akusado pa rin sa paganakaw ng niyog.

la, Quezon Province sa Pilipinas. Sa loob ng maraming taon, nakikipaglaban si Maribel – bilang isang lokal na lider ng grupo ng magsasaka at kasama sa isa sa mga pinakamalaking nagmamay-ari ng lupa sa Quezon Province – para sa kanyang mga karapatan at mga karapatan ng kanyang komunidad. Nais ng grupo na ipailalim ng may-ari ang kanyang lupa sa CARP, upang masakana nila ang kanilang sariling lupa sa malapit na hinaharap. Gayunpaman, mula ng magsimula siyang makipaglaban para sa lupa, naharap si Maribel sa mga pananakot lalo na sa mga empleyado ng may-ari ng lupa. Ang mga pananakot na ito ay hindi lamang pisikal kung hindi nauwi sa kriminalisasyon.

68 magsasaka ang nagnakaw ng 68 niyog? O ang lahat ng 68 magsasaka ay nagnakaw ng isang niyog? Hindi mahalaga ang pagkakaibang ito. Ang mga magsasakang umani ng niyog na sila mismo ang nagtanim o itinanim ng kanilang mga magulang maraming taon na ang nakakaraan ay maaaring ikulong bilang mga kriminal na nagkasala ayon sa batas ng Pilipinas, kahit pa ang nasasangkot na bagay ay isang niyog lamang. Sa seminar, binigyan ni Maribel bilang kinatawan ng nasasangkot na 68 magsasaka ang mga dumalong tagausig, hukom, abogado, at pulis ng tsansang makinig sa mga problema at ideya ng isang taong nakatira sa lalawigang malayo sa kanilang mga mesa. Kung hindi sila nagkita sa isang seminar tulad nito, hindi malalaman ng karamihan sa mga ito ang kaso ni Maribel at ng ibang magsasaka dahil hindi pa nila kailanman nabisita ang asul at masayang lugar ng Nilantangan. Habang sinusulat ko ito, naiisip ko bilang tagamasid sa karapatang pantao ang mga pagbisita ko sa Nilantangan. Nasa tabing dagat ang baryo, nakatayo ang mga kubong gawa sa kahoy sa puting buhangin sa may tabing dagat. Maaamoy ang sariwa at maalat na hangin at paminsan-minsan ang amoy ng mga isdang pinatutuyo sa ilalim ng mga bubong na gawa sa nipa. Papunta ang mga mangingisda sa dagat sakay ang kanilang mga bangka upang manghuli ng mga isda na ititinda sa palengke. Pangangisda ang pangunahing pinagkakakitaan sa Nilantangan.


Sa kanilang paglalakad sa mabuhanging baybay-dagat, kadalasang pinanonood ng mga bata ag mga banyaga. "Nangongolekta ka ba ng kabibe?", tanong ng maliliit na batang babae sa akin sa Tagalog habang naghahanap ako sa buhangin. "Oo." Sagot ko sabay tango at sinabi ko sa kanilang samahan nila ako sa paghahanap. Ilang sandali pa nakita namin ang isang lumang sapatos na inanod sa tabing dagat. Sa isang kisap, tila kami mga piratang naipit sa isla na naghahanap ng kaligaya-

han at kapayapaan na maaari nilang magtagpuan sa bundok at kagubatan ng islang walang laman. Ni ang mga batang babae o ako ay hindi nag-iisip tungkol sa mga hamon sa buhay namin sa Nilantangan o ibang lugar. Aming ninanamnam ang bunga ng aming imahinasyon na naglalayo sa amin sa kahirapan at kawalan ng katarungan.

Ang sinumang bumisita sa lupa na ito ay nasiyahan, ngunit kasabay nito ay kailangan nilang harapin ang mga problema ng mga nakatira doon.

Si Maribel pati na ang marami pang ibang mga magsasaka ay mga saksi nang ang nagmamay-ari ng isang malaking lupa ay naglagay ng bakod sa paligid ng Nilantangan. Maraming beses na hindi makapasok ang mga magsasaka sa kanilang baryo sa pamamagitan ng pasukan nito at kailangan pa nilang mamangka upang makarating sa baybay-dagat, kahit pa mahangin at malaki at mapanganib ang mga alon. Hindi lamang pinapahirap ng bakod ang buhay ng maraming magsasaka kung hindi pati na ang mga pagbabawal ng may-ari ng lupang kanilang sinasaka. Pag-aalaga ng hayop? Pagtatanim ng mga halamang kailangan para sa isang balanseng nutrisyon? Pagpetisyon para sa titulo ng lupang sakop ng mga probisyon ng pro-

grama ng reporma sa lupa ng gobyerno sa kadahilang makapagsaka ng sariling lupa pagdating ng araw? – Bawal ang lahat ng ito! Kung hindi susunod ang mga magsasaka ng Nilantangan dito at lalalaban para sa kanilang mga karapatan, gigipitin sila ng may-ari ng lupa sa pamamagitan ng pagsasampa ng reklamo laban sa kanila. Nakasampa na sa hukuman ang kaso ni Maribel at ang iba pang 67 na magsasaka. Kaya 68 magsasaka ang nagligpit ng kanilang mga bitag at nilisan ang Nilantangan sa pamamagitan ng bangka. Hindi nila alam kung ang kaso nila ay dedisyon ngayon ng hukom o ipagpapaliban hanggang sa susunod na buwan. Maaaring ayaw nilang pakinggan ang desisyon. Paano kung hatulan ng hukom ang lahat ng 68 magsasaka ng qualified theft? Paano kung hindi sila hatulan ng hukom? Lalo silang maghihirap kung sila ay makulong dahil walang makakapagsaka ng lupa or makakapangisda o makakapaga-paaral sa kanilang mga anak. Kung hindi man mapatunayan na sila ay maysala, maaaring ipakita ng may-ari ng lupa ang galit sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga bagong reklamo upang hindi mapasailalim ang lupa niya sa programa ng reporma sa lupa at hindi maibigay ito sa mga magsasaka. Sa kabilang banda, kung



© Jeanalen Roth | Children from Nilantangan

ipagpapaliban ng hukom ang desisyon, 68 magsasaka ang paulit-ulit na mamamangka hindi para mangisda kung hindi para humarap sa paglilitis sa hukuman sa mahabang panahon. Matagalang proseso na magpapahina ng kanilang loob na lumban para sa kanilang mga karapatan at maaari ring humantong sa pinsala sa pinagkukunan nila ng ikabubuhay.

Kung anuman ang maging kahinatnan ng proseso, ang brown na sapatos ng mga pirata na nakahimlay sa buhangin ng Nilantangan at napapaligiran ng tubig-dagat ay laging maghihintay sa pagbabalik ng mga magsasaka at sa sandali kung kailan sila maaaring mamuhay na hindi sila akusahan ng pagnanakaw ng isa, 68 o higit pang niyog.



© Jeanalen Roth | Mga bangka mula Aurora – ikalawang posibilidad para makarating sa Nilantangan

TAGAPAGTANGGOL NG KARAPATANG PANTAO AYON SA KAHULUGAN NG MGA BANSANG NAGKAKAISA

Ayon sa “Declaration on the Right and Responsibility of Individuals, Groups and Organs of Society to Promote and Protect Universally Recognized Human Rights and Fundamental Freedoms” lahat ng tao, grupo at mga asosasyon ay maaaring maing tagapagtanggol ng karapatang pantao maging sila ay propesyonal, boluntaryo, aktibista, personal na nasa-sangko o hindi. Dahil dito, hindi ang titulo ng tao o pangalan ng organisasyong kung saan siya nagtatrabaho ang pinakamahalaga kung hindi ang uri ng kanyang gawain. Kailangang may marka ng karapatang pantao ang gawain at tatlong mahahalagang isyu ang sinusunod nito:

Una sa lahat, dapat tanggapin ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ang pagiging unibersal ng karapatang pantao gaya ng kahulugan nito sa “Unibersal na Deklarasyon ng Karapatang Pantao”. Halimbawa, hindi angkop na ipagtanggol ang karapatang pantao ng mayayaman ngunit itanggi na ang mga mahihirap ay may parehong karapatan. Ang ikalawang mahalagang isyu ay kung ang mga interes ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ay napapaloob sa sakop ng karapatang pantao. Hindi mahalaga kung ang kanilang mga argumento ay tama upang maging tunay na tagapagtanggol ng karapatang pantao. At ang panghuli, ang mga pagkilos ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ay dapat na maging mapayapa upang maging alinsunod ito “Deklarasyon sa Karapatang Pantao.”

ANG EPEKTO NG KRIMINALISASYON SA MGA TAGAPAGTANGGOL NG KARAPATANG-PANTAO



Sarah Potthoff,

30 taong gulang, tapos ng Master in Sociology and Literature na may diin sa sociology of development and gender studies. Tagamasid ng ipon noong 2007.

In the Philippines there are many cases of criminalisation of human rights defenders (HRD). Beside critical journalists, indigenous activists and NGO members there is another group that suffers from criminalization: tenants who struggle for the implementation of the Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL). Usually this is initiated by powerful local landlords filing criminal cases against them.

Maraming kaso ng kriminalisasyon ng karapatang pantao sa Pilipinas. Bukod sa mga kritikal na mamamahayag, lokal na aktibista at miyembro ng NGO, may isa pang grupo na nagdurusa sa kriminalisasyon: mga kasama na nakikipaglaban para sa implementasyon ng Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL). Kadalasan ito ay sinimulan ng mga makapangyarihang lokal na may-ari ng lupa na nagsasampa ng mga kasong kriminal laban sa kanila.

Noong Marso 2008, ang mga miyembro ng kilusan ng mga lokal na magsasaka sa Bondoc Peninsula (KMBP) ay nahaharap sa humigit-kumulang 300 kasong kriminal kabilang na ang qualified theft, estafa, trespassing, pagpatay, tangkang pagpatay, libel, grave coercion, malicious mischief, atbp. May 3,800 miyembro ang KMBP. Ang bilang ng mga kasong kriminal ay patuloy na tumataas tulad ng ipinakikita ng pagsusuri ng mga organisasyon sa karapatang pantao. Hal. impormasyon mula sa IPON, sa Komisyon ng Karapatang Pantao ng Pilipinas at ilang mga lokal na NGO. Iba't iba ang mga kinalabasan ng kriminalisasyon. Kinakailangang bumiyahe ng apat hanggang anim na oras mula sa kanilang mga tahanan ang mga tagapagtanggol ng karapatang panto upang makarating sa lokal na hukuman sa Gumaca. Maraming beses na hindi natutuloy ang mga pagdinig sa kaso kaya paulit-ulit na bumibiyahang patungong hukuman ang mga taong nasasangkot. Sa mga araw tulad nito, mayroon silang karagdagan gastos para sa pamasahang pagkain at bukod dito, hindi sila makapag-hanapbuhay upang kumita ng pera. Lalo na tuloy lumalala ang kahirapan nila. Kadalasan, sila at kanilang mga pamilya ay nagugutom at wala silang tamang koneksyon sa sistemang pangkalusugan at edukasyon. Kadalasang napakaliit ng kanilang kinikita upang mapanatili sa mabuting kondisyon ang kanilang mga tahanan. Madalas na walang mga sanitasyon at walang tubig na maaaring inumin o elektrisidad. Nawawalan ng kalayaan ang mga tagapagtanggol ng karapatang karapatang pantao dahil sa pakikipaglaban

ban sa kanilang mga karapatan. Nakukulong sila sa loob ng ilang araw hanggang sa ilang buwan. Ang pangunahing kinahihinatnan nito ay takot, tensiyong sikolohikal at pinsalang pinansiyal damage. Kailangan nilang magbayad ng bail upang makawala. Ang halaga ng piyansa hal. para sa qualified theft ay humigit-kumulang 30,000 piso (humigit-kumulang 500 euro). Kadalasan, ito ay napakalaki para sa mga magsasakang walang lupa. Dahil dito kinakailangang tumigil sa bilangguan kung hindi sila makakuha ng suportang pinansiyal o makautang. Bukod dito, ang bawat araw ng pagtigil sa bilangguan ay isang araw na hindi sila makapagtrabaho sa kanilang lupa para kumita para sa kanilang mga pamilya. Bukod dito, naaapektuhan ng pagkakabilanggo ang gawaing pangkabuhayan ng buong pamilya. Kinakailangang bisitahin ng mga miyembro ng pamilya ang nakabilanggo upang bigyan siya ng suportang sikolohikal at moral. Makikitang tila ito isang ipo-ipo. Ang kriminalisasyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang-pantao sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga kaso ay humahantong sa lalong kahirapan at tensiyong sikolohikal. Dahil dito, tumigil na ang ilang magsasaka sa pakikipaglaban para sa kanilang lupa. Patuloy sila sa pagiging kasama. Ang kinahinatnan ay magbayad ng 60 hanggang 75% ng ani sa may-ari ng lupa. Dahil sa mga kadahilanang ito, ang pagsampa ng mga kaso laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ng KMBP ay tila isang istrategiya ng mga lokal na may-ari ng lupa at hindi nagkataon lamang.

Tungkol sa karapatang pantao, ang mahalagang katanungan ay kung saan maaaring ilagay ang papel ng estado sa proseso ng kriminalisasyon. Responsibilidad ng estado na respetuhin, ipagtanggol at garantiyahan ang karapatang pantao. Ang pagsusuring ito ay kailangan upang maintindihan ang sitwasyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao tulad ng mga magsasaka ng KMBP sa Bondoc Peninsula at maging sa aspeto ng conflict transformation.

Sino ang responsable?

Sa sumusunod, aking titingnan ang kilos ng public prosecution at hukumang responsable sa Bondoc Peninsula bilang isang halimbawang kaso para sa sitwasyon sa Pilipinas. Kadalasang binubuksan ng tagausig ang proseso sa lahat ng kaso ng qualified theft, estafa, trespassing, pagpaslang, pagtangkang pagpatay, libelo, grave coercion, malicious mischief, etc. Tila imposible na napakadalas na mangyari ang mga ganitong bagay. Lalo na kung ang mga taong mayroong maraming kaso ay iyong may pinakamalaking kaugnayan sa pakikipaglaban para sa lupa. Kadalasan, sila ay mga lider. Kaya malinaw na may kaugnayan ang bilang ng kasong kriminal ng isang tao at ang kanyang mga gawain sa pakikipaglaban para sa lupa.

Isa pang angkop na tanong ay kung saan nagaganap ang paglilitis dahil sa Pilipinas, may mga espesyal na hukuman para sa mga kasong agraryo. Kinakailangang magdesisyon ng tagausig kung ang kaso ay may kinalaman sa agraryo o isa itong karaniwang kasong kriminal. Sa Bondoc Peninsula halos lahat ng kaso ay dinidinig sa normal na hukuman at hindi sa espesyal na hukuman para sa mga kasong may kaugnayang agraryo kahit pa ang nasasangkot ay mga may-ari ng lupa at mga kasama na nakikipaglaban para sa kanilang lupa. Kaya may mga alitang agraryo sa lugar ngunit walang mga kasong agraryo. Tila posible na may isang uri ng pagkakaisa ang tagausig at mga makapangyarihang may-ari ng lupa.

Tungkol sa hukuman, tila gayundin ito. Ayon sa IPON, kadalasang hindi nag-aalangan ang responsableng hukom sa desisyon ng tagausig. Dinidinig niya ang kaso sa karaniwang hukuman kahit pa tila isang kasong agraryo ito. Bukod dito, napansin ng IPON na ang mga kasong isinampa laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ay mas mabilis na na-

bibigyang desisyon kung ihahambing sa mga kasong isinampa ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao laban sa mga may-ari ng lupa. Ang mga pagka-ugnay-ugnay na ito ang nagpatibay sa hinala na ang pagsasampa ng mga kaso laban sa mga magsasaka ng KMBP ay tilaistratehiya ng mga lokal na may-ari ng lupa sa pakikipagtulungan ng tagausig at ng hukom at hindi isang pagkakataon lamang. Dahil dito, naniniwala ng IPON na ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ng KMBP ay biktima ng istrategikong kriminalisasyon na may napakataas na epekto. Bukod sa mga kinahinatnang sosyo-ekonomikal, ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ay walang pantay-pantay na koneksyon sa katarungan. Bukod dito, inaakala ng IPON na ang mga magsasaka ng KMBP ay kriminalisa dahil sila ay lumalaban para sa kanilang karapatang magmay-ari ng lupa.

Ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa buong mundo ay kriminalisa at kadalasang tinatakot ng maigi.

“Sila ay naging target ng mga pagpatay, pagpapahirap, pagbugbog, arbitraryong pag-aresto at detensyon, banta ng kamatayan, pananakot at paninirang-puri, pati na pagpigil sa kanilang mga kalayaang kumilos, magpahayag, makihalubilo at magtipon. Biktima ng mga maling akusasyon at di-makatarungang paglilitis at paghatol ang mga tagapagtanggol” (United Nations 2004: 10).

Ang mga awtoridad ng estado ang kadalasang tagapagpatupad ng mga paglabag laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao kahit na sila ang pangunahing responsable para siguruhin ang kanilang proteksyon. Ang mga pulis at ibang mga tauhang ng seguridad ang pinakamalinaw nating nakikita ngunit hindi lamang sila tagapagpatupad. Ang iba ay mga awtoridad ng estado na nagtutulak sa tagapagtanggol ng karapatang pantao

sa administratibong “paglabag” upang magamit itong basehan ng pag-aresto at paghatol. Mahirap matunton kung sino ang maysala sa mga kilos laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, hal. sa kaso ng mga pagbabanta ng kamatayan ng di-kilalang tao. Sa mga sitwasyong ito, ang nasasangkot na awtoridad ng estado ang may responsibilidad para sa imbestigasyon ng mga nasabing gawain. Lalo na kung ang mga di-gobyernong ahensya ang kumilos laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, ang mga awtoridad ng estado pa rin ang may responsibilidad. Ang mga ito ay maaaring mga armadong grupo, mga korporasyong transnasyonal o mga indibidwal at ang kanilang mga kilos ay maaaring mayroon o walang pagpayag ng estado.

Sa pagkilala sa mahalaga at mapanganib na papel ng tagapagtanggol ng karapatang pantao, nauunawaan ng United Nations na kinakailan ng proteksyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Ang deklarasyon tungkol sa karapatan at responsibilidad ng mga indibidwal, grupo at organo ng lipunan upang itaguyod at ipagtanggol ang mga pandaigdigang kinikilalang karapatang pantao at mga saligang kalayaan ay pinagtibay ng United Nation's General Assembly resolution 53/144 noong Disyembre 1998. Noong Abril 2000, ang ikalawang hakbang ay ginawa nang hiniling ng United Nations Commission on Human Rights sa Secretary-General na humirang ng isang espesyal na kinatawan para sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao upang mabantayan at masuportahan ang implementasyon ng deklarasyon.

PINAGKUNAN

- United Nations (2004): Human Rights Defenders: Protecting the Right to Defend Human Rights. UN Fact Sheet No 29, Geneva.

MGA HAKBANG PARA SA MAKATARUNGANG PAMAHALAAN SA MGA PROBINSIYA SA PILIPINAS



Jan Pingel,

25 taong gulang, nag-aaral ng political science, international law at history sa Christian-Albrechts-University of Kiel/ Alemanya. Tagamasid ng IPON noong 2009.

Makatarungan, walang kinikilingan, malaya at pantay-pantay. Mga sukatan ng isang epektibo at gumaganang sistemang panghukuman. Sa Bondoc Peninsula, tila napakalayo ng mga internasyonal na pamantayang ito. Tulad ng ipinakita ng isang lokal na halimbawa. “Ang bawat tao’y may karapatan sa ganap na pagkakapantay-pantay, sa isang makatarungan at hayag na paglilitis ng isang hukumang malaya at walang kinikilingan, sa pagpapasiya ng kanyang mga karapatan at pananagutan at sa ano mang paratang na kriminal laban sa kanya.” “Ang bawat tao ay pantay-pantay sa harap ng hukuman at husgado. Sa pagtukoy na kahit na anong kasong kriminal laban sa kanya or sa kanyang karapatan at obligasyon sa isang pagsasakdal, lahat ay may karapatan sa isang makatarungan at pampublikong pagdinig sa harap ng isang independente at hukumang itinakda ng batas [...].”

Ito ay mga artikulo of the “Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao” at ng “International Covenant on Civil and Political Rights”, na pinirmahan na ng Republika ng Pilipinas noong 1966. Sa pamamagitan ng pagpirma sa mga kasunduang ito sa karapatang pantao, inako ng Pilipinas ang obligasyon at responsibilidad na respetuhin, ipagtanggol at tuparin ang karapatang pantao. Ang ibig sabihin ng obligasyon na respetuhin ang karapatang panta ay dapat na hindi makialam o alisin ng estado ang benepisyo ng karapatang pantao. Sa obligasyon na ipagtanggol ng karapatang pantao, kinakailangan ng estado na ipagtanggol ang indibidwal at mga grupo laban sa mga paglabag sa karapatang pantao. Ibig sabihin ng obligasyon ng pagtupad na dapat ay magsagawa ang estado ng positibong aksyon upang mapadali ang paggamit ng karapatang pantao. Sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga kasunduang internasyonal sa karapatang pantao, nangangako ang gobyerno na magsasagawa ito ng mga lokal na hakbang at batas na sumasang-ayon sa mga obligasyon nito at responsibilidad ayon sa kasunduan. Ito ang theoretical background, ngunit sa kasamaang palad, madalas na hindi natutugunan ng lokal na prosesong legal ang ang mga pang-aabuso sa karapatang pantao (Goodhart 2009). Ang mga nasabing artikulo sa itaas ay tumatalakay sa tinatawag na “judicial human rights”. Tinatalakay nito ang mga pamantayan ng mga proseso at ang responsibilidad ng isang patas na paglilitis, sapat na tagal ng proseso at isang hukom na walang kinikilingan sa paghawak ng kaso. Tinitiyak ng mga artikulo na mayroon pagkakapantay-pantay sa harap ng batas at ang pagkakaroon ng nahahambing na internasyonal ng pamantayan. Sa Bondoc Peninsula, hindi pa kompleto ang implementasyon ng mga pamantayang ito.

Tinitingnan ng ulat na ito ang pananagutan para sa isang makatarungan at epektibong sistemang panghukuman sa mga probinsiya at mahihirap na bahagi ng pilipinas. Ang impormasyon ay batay sa mga obserbasyon ng IPON mula noong 2006 (tingnan ang IPON 2007, 2008), pakikipa-

nayam sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, pinagkatiwalaang hukom, abogado at organisasyong NGO sa Pilipinas.

Isang halimbawa ng kakulangan ng implementasyon ng karapatang pantao sa hukuman ay ang pangagasiwa ng Municipal Trial Court (MTC) ng San Francisco, Quezon Province. Dahil walang lokal na hukumang nagsasarili sa San Andres, ang mga kaso mula sa munisipalidad na ito ay ipinapasa rin sa MTC ng San Francisco. May dalawang pangunahing problema tungkol sa gawain ng lokal na Trial Court, lalo na sa hukom na kumakatawan dito mula sa perspektibo ng karapatang pantao. Ang una ay ang pagkaantala ng mga kaso – ang mahabang panahong ginugugol para sa mga proseso. Ang ikalawang problema ay kawalan ng seguridad para isang makatarungang paglilitis. Ang dalawang bagay na ito ay bahagi ng sumusunod na pagsusuri. Isang katotohanan na mahabang panahon ang ginugugol sa karamihan sa mga proseso sa MTC bago ito madesisyon ng hukom.

Kadalasang humahantong ang mahabang panahong ginugugol para sa mga proseso sa problemang sikolohikal at kawalang pinansyal para sa mga nasasangkot na tagapagtanggol ng karapatang pantao. Dapat sana ay may pagdinig bawat buwan ngunit sa katotohanan, kadalasang nakakansela ito dahil sa wala ang nagsasakdal o ang hukom. Dahil dito, ang ibang pagdinig ay naisasagawa lamang minsan tuwing dalawa o tatlong buwan at kadalasang tumatagal ng tatlong taon o higit pa. Ang pinakamatagal na naitala ng IPON ay labindalawang taon. May kaakibat na gastos para sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ang mga proseso. Kinakailangan nilang magbayad ng pamasaha, pagkain at gastos para sa proseso. Kapag may pagdinig, hindi nakakapagtrabaho ang nasasakdal upang kumita ng pera para sa kanyang pamilya. Nasasaad sa “International Covenant on Civil and Political Rights” na dapat na magkaroon ng desisyon “[...] nang walang sobra-sobrang pagkaantala.”

Ang ilang kasong hawak ng MTC San Francisco, at ng hu-

kom ay patuloy sa loob ng maraming taon. Tuwing makalawa o makatatlong buwan, kinakailangang humarap sa hukuman ng nasasakdal. Sa ganito paraan, karamihan ay lagging abala. Sa bandang huli, karamihan sa mga naakusahang magsasaka ay napapawalang sala. Dahil sa isang nakasalang na proseso sa loob ng maraming taon, hindi na naaasikas ng mga magsasaka ang pagpetisyon, halimbawa para sa sariling lupa.

Noong 2005, kinailangang magbayad ng piyansa ng Agrarian Justice Foundation Inc. para sa isang magsasaka lamang ng probinsyang Quezon II. Isang taon makaraan ito, noong 2006, tumaas ang bilang sa hanggang 108 na magsasaka (Interview Conrado S. Navarro). Mula noong 1996 mahigit sa 300 magsasaka ng KMBP (Kilusang Magbubukid ng Bondoc Peninsula), ang organisasyon ng mga magbubukid sa Bondoc Peninsula, ang inaresto at kinailangang magbayad ng malaking piyansa (Carranza 2007: 21). Ang mga pangyayaring ito ang nakakapagpahina ng loob ng mga magsasaka at pinahihintulutan ng lokal

na hukuman ay maaaring magbigay diin sa palagay na ang mga nasampang kaso ay higit na isang sistematikong pananakot ng lokal na may ari ng lupa at hindi isang totoong legal na problema.

Ang makatarungang hurisdiksyon ay hindi lamang tungkol sa sapat na haba ng proseso. May mga ilang pamantayang internasyonal na tumutukoy sa isang makatarungang paglilitis, na hindi naipatupad ng maigi sa antas na lokal sa Bondoc Peninsula lalo na sa mga munisipalidad sa MTC San Francisco. Nakapag-observerba ang mga miyembro ng IPON sa kilos ng hukom sa maraming pagdinig. May mga malinaw na paglabag sa internasyonal na pamantayan para sa karapatang pantao sa mga pagdinig na ito. Hindi lahat ng mga akusado ay nakadalo ng tama. Kinailangang tumayo ng iba dahil kulang ang mga upuan sa hukuman. Ang iba pa ay tumayo na sa labas sa pasilyo. Ang hukom, ang kumakatawang awtoridad ng estado ay nagpapadala ng text habang tinatanong ang isang saksi at naninigarilyo sa pagdinig, isang bagay na il-

legal ayon sa batas nasyonal (RA9211).

Batay sa mga obserbasyon ng IPON may panganiib na magkaroon ng hindi pagkakapanatay-pantay sa harap ng batas. Hindi sineryoso ng hukom ang nasasakdal at pinagtawanan pa ang mga ito. Ganap na hinadlangan ng hukom ang mga pagsisikap ng nasasakdal na ipakita ang koneksyon ng mga kaso at ng sitwasyon sa mga malalaking may-ari ng lupa. Dahil dito, masasabing ang mga inobserverbahang pagdinig ay hindi isang makatarungang paglilitis ayon sa mga alituntuning nasyonal at internasyonal.

May mga lokal na magsasaka na nagsasabing binabayaran ang hukom ng mga may-ari ng lupa upang paburan sila. Isang bagay na maliwanag na mahirap patunayan. Ang nasasakdal, ang lokal na tagapagtanggol ng karapatang pantao at ang IPON, matapos mag-observerba sa maraming pagdinig ay natatakot na ang MTC San Francisco ay hindi nagsasarili at hindi rin ito walang kinikilingan. Kung minsan, ang mga "hukom sa araw sa lokal na hukuman ay nagtatrabaho sa gabi

PAGDADALA NG HUSTISYA SA MGA TAO



SINUBUKANG PABUTIHIN NG MOBILE COURT BUSES ANG HINDI MAKATWIRANG SITWASYON NG SISTEMANG PANGHUKUMAN. ISANG TOTOONG PAGSISIKAP O ISANG MALIIT NA KONTRIBUSYON?

Dahil sa inspirasyon mula sa Mobil Court System sa Guatemala, sinimulan ng Korte Suprema ng Pilipinas ang proyektong "Justice on Wheels" noong 2004 (para sa iba pang impormasyon: Supreme Court of the Philippines). Ang proyekto ay inilunsad bilang bahagi ng isang Judicial Reform Support Project, isang inisyatibong suportado ng World Bank. Kompleto ang Mobile Court ng tauhan: isang hukom, isang clerk of court, isang prosecutor, isang public attorney, isang court stenographer, isang docket clerk, isang process server, isang drayber, at isang security guard.

Itinatag ito na may layuning ilapit ang hustisya sa probinsya at sa mahihirap sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang mabilis ang libreng solusyon sa mga alitan sa pamamagitan ng conciliation, mediation o adjudication at tulungang bawasan ang laman ng mga bilangguan ng bansa at ang listahan sa mga hukuman. Naharap ito sa malalaking paghamon mula pa sa simula. Punung-puno ang mga bilangguan sa lahat ng bahagi ng bansa, may kakulangang pinansyal at kakulangan ng tauhan at ang kawalan ng tsansang makaabot sa hustisya para sa mga mahihirap lalo na sa probinsya. Ang mahabang pagkaantala sa resolusyon ng mga kaso ay bunga lalo na sa malaking bilang ng mga bakante sa hukuman, katamaman ng ilang hukom at ang taktika ng pagpapabagal ng mga abogado. Ang mga nakabinbing kaso noong 2006 ay umabot sa 800,000 (Asian Human Rights Commission 2008b). Ang mga regional trial courts ang may pinakamalaking akumulasyon ng 353,026 mga kaso. Marami sa mga nakakulong sa Pilipinas at inakusahan ng mga krimen ay mga taong maaaring magpiyansa habang nililitis ang mga kaso nila. Ngunit dahil sa kahirapan, kadalasang hindi sila makapagpiyansa upang makalaya habang hindi pa napapatunayan na sila ay maysala. Apat na Mobile Courts ang inilunsad mula noong 2004. Kung ihahambing sa nasabing mga pangyayari, isang maliit na kontribusyon. Tootong ang "Justice on Wheels" ay isang pagsisikap na pabutihin ang hindi makatwirang sitwasyong ito, ngunit kahit pa maresolba ng Mobile Courts ang mga kaso, hindi ito magiging isang alternatibo o kapalit ng isang hukumang epektibo, nararapat at malayang hukuman. Kung ang mga regular na hukuman ay gumagana, hindi sana kakailanganin ang mga bus na ginawang mobile courts. Kailangan ng mas maraming (walang kinikilingang) hukom, mas maraming tagausig, mas maraming abogado, mas maraming pera para sa hukuman at higit sa lahat mas maraming pagtitiwala sa sistemang panghukuman.

bilang abogado ng mga pamilyang may-ari ng lupa” (Putzel 1992: 162, 204).

Hanggang ngayon, walang pagsisisikap na mag-imbetiga sa gawing ito ng mga nakatataas na awtoridad. Palalakasin nito ang kredibilidad ng mga institusyon ng estado. Ang pagkilos ng MTC San Francisco at ng nasabing hukom at dapat tingnan sa konteksto ng buong sitwasyon sa Bondoc Peninsula. Ang kriminalisasyon at ang pananakot ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ay hindi aktibong ipinatupad ng mga ahensya ng pamahalaan, gayunmpanan, mayroon silang isang mahalagang papel sa pamamagitan ng pagsangp-ayon o hindi pag-iwas sa mga paglabag sa karapatang pantao sa kanilang ipinagkatiwulang antas. Ang mga may-ari ng lupa na sumusubok na itigil ang proseso ng reporma sa lupa, ay nakakakuha ng in-junction sa mga lokal na hukuman upang harangan ang pamimigay (GTZ 2006: 70).

Kulang ang mga mapagkukunan sa loob ng Philippine Judiciary (Asian Human Rights Commission 2008a). Isa lamang ang hukom sa Bondoc Peninsula na siyang may hawak ng siyam na MTC (Franco 2005: 23). Libo-libong naakusahan ang naghihintay sa loob ng bilangguan na masimulan ang kanilang proseso. Ngunit walang sapat na pera at kulang ang mga tauhan kaya ginawa ng Supreme Court ang “Justice on Wheels”, isang uri ng tumatakbong hukuman na may layuning suportahan ang hukumang panlalawigan at pabutihin ang pag-abot ng hustisya sa mga mahihirap. Ngunit kahit pa may kakulangan ng mapagkukunang pinansyal at kakulangan sa tauhan, walang dahilan ang lokal na Trial Court ng San Francisco o San Andres upang payagan ang mga pag-abuso sa karapatang pantao, at wala rin itong dahilan upang iwasan ito. Kailangan nilang respetuhin, ipagtanggol at isakatuparan ang karapatang pantao tulad ng nasasaad sa mga pinirmahang kasunduan.

Ipinakita ng obserbasyon ng IPON at mga lokal na pana-

laitang ang depektibong paggana sa loob ng lokal na hukuman. Inako ng bansang Pilipinas ang obligasyon at responsibilidad na respetuhin, ipagtanggol at isakatuparan ang mga karapatang pantao. Kasama dito ang judicial human rights tulad ng isang makatarungan at malayang proseso. Sa probinsya, mahirap makakuha ng hustisya para sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao at magastos ito. Ang kanilang kriminalisasyon at ang elite structures ng mga lokal na awtoridad ay humahantong sa isang hindi makatwirang sitwasyon ng karapatang pantao. Inabuso ng malalaking may-ari ng lupa ang sistemang panghukuman upang mapanatili ang kanilang sariling teritoryo ng batas – “ang batas hasyenda” (tingnan ang Hoffmann 2007:13), na hindi pinipigil ng mga lokal na awtoridad. At kahit pa may mga pagsisisikap tulad ng proyektong “Justice on Wheels”, hindi masasabing talagang may pag-unlad ang sistemang panghukuman – lalo na sa mga lalawigan. Maaaring ang programa ng reporma na sinuportahan ng EU, ang “Access to justice for the poor” ay makakagawa ng paraan upang epektibong mabago ang paralisadong sektor ng hukuman. Magiging gawain ng internasyonal na komunidad na tingnan ang kinahinatnan kung paano hinaharap ng istrukturang panghukuman ang sitwasyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa Pilipinas.

PINAGKUNAN

- Asian Human Rights Commission (2008a): The State of Human Rights in the Philippines 2008. The Human Cost of Insecurity. http://material.ahrchk.net/hrreport/2008/AHRC-SPR-015-2008-Philippines_AHRR2008.pdf.
- Asian Human Rights Commission (2008b): Philippines: Excessive court delay is not an acceptable judicial practice. A Statement by the Asian Human Rights Commission. www.ahrchk.net/statements/mainfile.php/2008statements/1354/.
- Carranza, Danilo T. (2007): Land Reform Struggles of Bondoc Peninsula Tenants. In: IMPACT – Asian Magazine for Human Transformations, Communications Development Foundation Inc., Volume 41, No.6, S.20-22.
- Franco, Jennifer C., Borras, Saturnino M. Jr. (2005): On Just Grounds – Struggling for Agrarian Justice and Citizenship Rights in the Rural Philippines, Institute for Popular Democracy, Quezon City.
- Gesellschaft für Technische Zusammenarbeit (GTZ), Department of Agrarian Reform (2006): The Comprehensive Agrarian Reform Program: Scenarios and Options for Future Development, Manila.
- Goodhart, Michael (2009): Human rights: politics and practice. Oxford: Oxford University Press.
- Hoffmann, Olivier (2007): Land ist die Lösung – Kampf philippinischer Bauern und Bäuerinnen um ihr Land. In: Hungerkatastrophen – Ursachen, Folgen, Strategien, FIAN – Magazin für die wirtschaftlichen, sozialen und kulturellen Menschenrechte, Nr.2/07, Köln.
- IPON: International Peace observers Network (2007, 2008): Human Rights Situation Report on Bondoc Peninsula; reports No 1-5. , Lucena City, Hamburg.
- Putzel, James (1992): A Captive Land – The Politics of Agrarian Reform in the Philippines, Ateneo de Manila University Press, Quezon City.
- Supreme Court of the Philippines (n.d.): <http://sc.judiciary.gov.ph>.

IPON AT ANG INSTRUMENTO NG PAGMAMASID SA KARAPATANG PANTAO

Ang International Peace Observers Network (IPON) ay isang independiyenteng non-intervening at non-profit na organisasyong Aleman na naglalayong pabutihin ang sitwasyon ng karapatang pantao sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga tagamasid sa mga lugar na may alitan.

Ang instrumento ng pagmamasid sa karapatang pantao ay batay sa ideya na kung pinagtibay ng isang bansa ang UN "Universal Declaration of Human Rights" (at/o iba pang mga deklarasyong internasyonal tungkol sa karapatang pantao), ito ay may responsibilidad na pagbutihin, respetuhin at ipatupad ang karapatang ito. Kung hindi sinusunod ng bansa ang mga responsibilidad na ito, ang mga independiyenteng tagamasid mula sa ibang bansa ay gagawa ng dokumentasyon ng mga paglabag na ito sa karapatang pantao at ilalabas ito sa publiko. Sinusunod ng IPON ang legal na pamamaraang ito para sa karapatang pantao. Mula pa noong 2006, sinasamahan na ng IPON ang mga organisasyon ng tagapagtanggol sa Pilipinas, magmula sa kahilingan ng mga organisasyon ng magsasaka, ang KMBP (Kilusang Magbubukid ng Bondoc Peninsula) sa Bondoc Peninsula, Quezon Province. Mula noong 2008, may mga tagamasid na ang IPON sa Negros Occidental

na sumasama sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ng TFM (Task Force Mapalad). Hindi makikialam ang IPON sa anumang alitang internal at hindi makikialam saistratehiya ng sinasamahang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Pupunta lamang ang organisasyon sa isang lugar ng alitan matapos ang isang kahilingan mula sa isang organisasyon ng karapatang pantao at matapos ang paunang pag-aaral na kinabibilangan ng isang imbestigasyon kung ang instrumento ng pagmamasid ng karapatang pantao ay angkop para sa kasalukuyang sitwasyon. Ang gawain ng IPON ay batay sa apat na haligi:

Pagdalo: Ang mga tagamasid ng IPON ay nasa tabi ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao na nahaharap sa mga pang-aabuso ng kanilang karapatan dahil sa kanilang mga gawain. Ang kanilang pagdalo ay naglalayong mapigil ang mga pag-atake at mapahusay ang malayang gawain ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Pinaniniwalaang ang pagdalo ng mga tagamasid mula sa ibang bansa ay magpapataas ng pagpipigil sa mga paglabag.

Pagsama: Sinasamahan ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa iba't ibang panganib tulad ng mga aksyong pampulitika, pakikipagpulong sa mga institusyon ng gobyerno, o kumperensya. Sa ilang kaso, sinasamahan ng mga miyemb-

ro ng IPON ang ilang indibidwal na nasa panganib.

Pagmamasid: Mahirap kumuha ng hindi nasalang impormasyon sa mga lugar ng alitan. Dahil sa posibilidad na magawan ng dokumentasyon ang mga kaganapan sa mismong pinangyarihan, napakahalaga ng mga ulat ng mga tagamasid ng IPON. Laging isinasagawa ang mga dokumentasyon na isinaalang-alang ang karapatang pantao. Dahil sa pamamaraang legal, ang papel ng mga ahensiya ng gobyerno ay mahalaga a kritikal na analisis ng sitwasyon ng karapatang pantao.

Pagbibigay impormasyon: Ang mga impormasyon na direktang nakalap sa lugar ng alitan at nasuri ng mga tagamasid ay dinadala sa atensyon ng internasyonal na publiko. Ang IPON ay nakikipag-ugnayan sa iba't ibang institusyon sa Pilipinas at itinuturo ang responsibilidad ng implementasyon ng karapatang pantao. Sa Alemanya, ang mga ulat ay ibinibigay sa publiko. Sila ay nagsisilbing base para sa gawain ng mga organisasyon, mga pressure groups at mga politiko. Sa pamamagitan nito, tataas ang puwersa ng dayuhan sa Pilipinas upang masiguro ang karapatang pantao. Kumbinsido ang IPON na ang paglathala sa mga paglabag sa karapatang pantao ay hahantong sa bandang huli sa pagpapababa ng bilang ng mga paglabag at pagpipigil ito.



Partner na grupo sa Pilipinas:

KMBP (Kilusang Magbubukid ng Bondoc Peninsula)

TFM (Task Force Mapalad)

QUARDDS (Quezon Association for Rural Development and Democratization Services)



MGA LAYUNIN AT SAKOP

OBSERVER: nagbibigay ng isang forum para sa pagsusuri, istrategiya at mga debate tungkol sa pagmamasid sa karapatang pantao sa Pilipinas na ang diin ay nasa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Paano ginagawa ng mga institusyon sa Pilipinas ang implementasyon ng UN Human Rights Charta? Anu-ano ang mga panganib ang kinakaharap ng mga tagapagtanggol ng karapatang panto sa Pilipinas? Ito ay ilan lamang sa mga posibleng paksa. Ang paghahambing sa ibang bansa ay magpapalawak ng pagtrato at perspektibo sa pagmamasid sa karapatang pantao. Bawat lathalain ay may kanya-kanyang diin. Tinatanggap ang mga ulat na galing sa iba't ibang disiplina at organisasyon.

